


Ang pagkabuo at mga banta ng Mga Thunderstorm



Ano ang mga thunderstorm?

Ang Mga THUNDERSTORM ay natatanging lagay ng panahon dulot ng matinding pag-ikot ng malamig at mainit na hangin na pangkalahatang nangyayari sa Hong Kong tuwing Abril hanggang Setyembre. Ang Mga Thunderstorm ay nailalarawan ng mga pagkidlat at pagkulong.



Dahil sa matinding pagkaligalig sa loob ng ulap-ulan, ang mga patak ng tubig at butil ng yelo sa ulap ay nagkakaroon ng enerhiyang kuryente sa paikot na galaw dulot ng pag-ikot ng malamig at mainit na hangin. Kapag ang kuryenteng mula sa pagkakapatong-patong ng enerhiya ay umabot sa isang antas ng pagkabasag, nangyayari ang pagkidlat sa pagitan ng mga ulap o sa pagitan ng ulap at ibabaw ng lupa. Ang biglaang paglawak ng nakapaligid na hangin ay nagdudulot ng pagkulong. Sapagkat mas mabilis ang lakbay ng liwanag kaysa sa tunog, kung ang pagkulong ay naririnig ng tagamasid nang tatlong segundo matapos ang pagkidlat, and thunderstorm ay halos nasa 1 kilometro ang layo.

Ang Mga Thunderstorm ay maaaring makabuo ng isang malupit na uri ng pagbagsak ng hangin na kung tawagin ay microburst – isang matinding pagbuhos ng hangin na karaniwang kumakalat palabas mula sa thunderstorm kapag umabot sa ibabaw ng lupa. Ang microburst ay maikli at medyo makipot, ngunit ito ay mapanganib sa mga sasakyang panghimpapawid tuwing lalapag at lilipad.

Mga dapat tandaan kapag may mga thunderstorm



Manatili sa loob. Sumilong sa mga gusali kung ikaw ay nagtatrabaho sa labas.

Mag-ingat sa pagtama ng kidlat, huwag tumayo sa tuktok ng mga bundok o malapit sa mga bagay na madaling nakukuryente. Umiwas sa mga puno o poste na madaling matamaan ng kidlat. Sapagkat ang kuryente ng kidlat ay tumatama sa lupa, hindi ka dapat humiga lalu na kung basa ang lupa. Sa halip dapat kang umupong nakayuko upang mabawasan ang lugar ng pagdikit sa pagitan mo at ng lupa.

Huwag lumangoy o sumali sa iba pang mga gawain sa tubig. Umahon sa tubig at humanap ng masisilungan. Huwag rin maligo sa shower.

Ang mga tagapamahala ng mga pasilidad ng mga palakasan sa labas, palaruan, mga tagapagligtas sa palangyuan ay dapat maging mapagmasid sa mga pagbabago ng panahon, sumangguni sa websayt ng "Impormasyon sa Kinaroroonan ng Pagkidlat (Lightning Location Information)", at magbigay ng naaangkop na mga tagubilin sa mga tagagamit ng pasilidad.

Iwasan ang paggamit ng telepono o iba pang mga kasangkapang de-kuryente, kabilang ang mga kompyuter.

Ano ang mga panganib ng mga thunderstorm?

Ang Mga THUNDERSTORM ay nagdudulot ng peligro ng pagkidlat. Matinding natatanging lagay ng panahon, tulad ng matinding pag-ulan, pag-ulan ng yelo, matinding bugso ng hangin o malupit na bugso ng hangin (derecho), at maging buhawi o mga ipo-ipo ay maaaring magkaroon ng mga thunderstorm.

Matinding mga pag-ulan



Karamihan sa mga thunderstorm ay nabubuo sa mga ulap-ulan at karaniwang nauugnay sa malakas na buhos ng ulan. Sa mga lugar na sakop ng aktibong lagay ng panahon tulad ng low pressure, ang ulap-ulan ay maaaring tuloy-tuloy na magbuo, at ang mga thunderstorm ay magiging mas laganap at tumatagal. Sa ilalim ng ilang kanais-nais na panahon, ang ulap-ulan ay maaaring magsanib upang makabuo ng matinding mga thunderstorm at matinding ulan, na lalu pang nagdudulot ng mga sakuna tulad ng pag-apaw ng tubig, pagbaha at mga pagguho ng lupa.



MGA DAPAT TANDAAN

Ang malakas na ulan ay nagdadala ng pagbaha. Ang mga tao ay dapat lumayo sa mga daanan ng tubig.


Ang pagbaha ay maaaring mangyari sa mga mabababang lugar at walang wastong daluyan, ang mga taong maaaring maapektuhan ay dapat gumawa ng kinakailangang mga pag-iingat.

Ang mga nagha-hike at mga taong sumasali sa mga gawaing panlabas ay dapat alam ang pinakabagong impormasyon ng panahon na inilabas ng Obserbatoryo at baguhin o kanselahin ang mga gawain kung kinakailangan.

Huwag lumapit sa mga matatarik na daludos at mga simentong pampigil sa pagguho ng lupa. Ang mga nagmamaneho ay dapat umiwas sa pagmamaneho sa mga mabubundok na lugar o sa mga daan na mayroong karatula ng babala sa pagguho ng lupa.

Pag-ulan ng yelo

Natutunaw na mga butil ng yelo
(1 cm na diyametro)



5-dolyar na barya at payong
(para sa paghahambing ng laki)

Mga butil ng yelo na naobserbahan sa
punong tanggapan ng Obserbatoryo
noong ika-9 ng Abril 2001

Ang mga hailstone ay matigas na butil ng yelo na ang karaniwang sukat ay iilang milimetro lamang ang diyametro kahit paminsan-minsan ay malalaking bato ng yelo ang bumubuhos. Sila ay nabubuo sa mga malalagong ulap-ulan na nagtataglay ng kulog. Ang pag-ulan ng yelo ay karaniwang nagaganap sa tagsibol at ang pangkalahatang bilang ng pangyayari ay isang beses kada isa hanggang dalawang taon.

MGA DAPAT TANDAAN

Sumilong sa mga gusali. Ang malalaking butil ng yelo ay maaaring makapinsala sa mga pananim, makabasag sa mga bintana, mga bahay na salamin at mga salamin ng sasakyan.

Buhawi/Ipo ipo



Ang buhawi ay iniulat malapit sa
Pandaigdigang Paliparan ng Hong Kong
noong ika-8 ng Hunyo 2020
(Sa kabutihang loob ng/ni Samuel Tai)

Sa ilalim ng napaka 'di-matukoy na lagay ng panahon, pinapabilis ng matinding kombeksyon sa mga thunderstorm ang pagkabuo ng pahabang puyo sa hugis ng ulap na animo'y imbudo. Kapag bumagsak sa lupa ang mga puyo, sila ay tinatawag na ipo-ipo (tornado), habang ang bumabagsak sa tubig ay tinatawag na buhawi (waterspout). Ang hangin ay napakalakas na may mababang presyon malapit sa gitna ng puyo. Ang buhawi o ipo-ipo ay hindi karaniwan sa Hong Kong at mayroong isang ulat ng ipo-ipo kada isa hanggang dalawang taon sa pangkalahatan.


MGA DAPAT TANDAAN

Ang mga taong nasa maliliit na bangka sa laot ay dapat mag-ingat sa pagdating ng mga unos o buhawi.


Kapag nakatagpo ng ipo-ipo, sumilong sa isang matibay na gusali. Lumayo sa mga bintana, yumuko sa sahig at takpan ang iyong ulo ng iyong mga braso o makapal na sapin. Kung nasa labas, lumayo sa mga puno, mga sasakyan at iba pang mga bagay na maaaring maihipan ng ipo-ipo.

"Shi Hu Feng" (Derecho)

Ang "Shi Hu Feng" ay isang lokal na paglalarawan sa matindi o marahas na pagbugso ng hanging kaugnay ng squall line. Ang squall line ay isang hanay ng matinding mga thunderstorm o storm cell sa isang hanay. Ang mga squall line ay mabilis gumalaw at nakapinpinsala, at nagdadala ng biglang pagbabago sa direksyon ng hangin na may biglaang paglakas ng hangin. Ang mararahas na bugso ng hanging kaugnay ng mga squall line ay umaabot sa 88 kilometro kada oras o higit pa, ngunit karaniwang hindi tumatagal.



Ang bugso ng hanging lumalampas sa 100 km/h ay naiulat sa Dalampasigan ng Cheung Chau sa pagdaan ng isang squall line sa Hong Kong noong ika-25 ng Agosto 2019



Sa impluwensya ng "Shi Hu Feng" noong ika-9 ng Mayo 2005, dose-dosenang mga container ang hinipan ng unos sa Container Terminal sa Kwai Chung (Larawan mula sa/kay Wen Wei Po)

MGA DAPAT TANDAAN

Bigyang pansin ang mga espesyal na anunsyong inilabas ng Obserbatoryo. Kapag may mararahas na unos, ang mga taong nasa labas ay dapat sumilong sa mga gusali kaagad.


Siguruhin ang mga bagay na madaling malipad, lalo na sa mga balkonahe at rooftop. Siguruhin ang mga inimbak, damba at mga pansamantalang istraktura.

Ang mga tagapagpatakbo ng container terminal ay dapat siguruhin ang lahat ng patong ng mga container, magkakaibang mga crane at ikandado ang lahat ng mga container.

Ang mga nagmamaneho na gumagamit ng mga highway/flyover ay dapat maging listo sa mararahas na bugso ng hangin.

Ang mga taong nasa maliliit na bangka ay dapat mag-ingat upang maiwasang lumubog ang kanilang mga bangka dahil sa parating na unos.

Buwanang karaniwang bilang ng araw na may pagkidlat/thunderstorm (1991-2020)



Impormasyon sa Obserbatoryo ng Hong Kong

Tandaan ang mga pinakahuling impormasyon sa panahon sa pamamagitan ng mga sumusunod na pamamaraan:

- Mga pagsasahimpapawid sa radyo at TV
- Sistemang Pagtatanong ng Impormasyon "Dial-a-Weather": 1878 200
- Mga Websayt ng Obserbatoryo ng Hong Kong
<http://www.weather.gov.hk/personalized-website/tagalog> o
<http://www.hko.gov.hk/en/>
- Websayt ng Impormasyon sa Kinaroroonan ng Pagkidlat
https://www.hko.gov.hk/en/wxinfo/llis/gm_index.htm
- "MyObservatory"
<http://www.weather.gov.hk/en/myobservatory.htm>
gumamit ng pambasa ng QR code upang ma-scan ang QR code sa ibaba



iPhone



Android



Windows Phone

- Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Mga Babala ng Thunderstorm, mangyaring sumangguni sa
<https://www.weather.gov.hk/en/wservice/warning/thunder.htm>

Abiso at Pagwawaksi sa Karapatan ng Intelektwal na Pag-aari (Sa Ingles) :

